



29 Marso 2026 • Linggo ng Palaspas • Linggo ng Alay Kapwa • Taon A

SA ATING MGA PUSO'Y TINATANGGAP NATIN SI HESUS

N.B. Ang pari ay gagamit ng pulang kasuotan. Gaganapin ang “Pagbabasbas sa mga Palaspas” sa halip ng “Pagsisisi.”

Unang Bahagi: ANG PAGGUNITA SA PAGPASOK NG PANGINOON SA JERUSALEM

PAMBUNGAD

Osana ang aming awit,
dakilang Anak ni David.
Sa ngalan ng D'yos sa langit,
pagpapala ang pagsapit
ng pagtubos sa daigdig.

[Magtitipon ang pari at mga magsisimbang may dalang palaspas sa labas ng simbahan na siyang patutunguhan ng prusisyon.]

P–Mga minamahal na kapatid, limang linggo na tayong naghahanda ng sarili para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagpapakasakit at Pagkabuhay ng Panginoon. Sinikap nating unawain at tuparin ang ating pananagutan sa Diyos at sa kapwa tao alinsunod sa aral at halimbawa ni Hesukristo. Kaisa ng buong Simbahan, sinisimulan natin ngayon ang mga Mahal na Araw. Si Kristo ay matagumpay na pumasok sa kanyang lunsod upang tuparin ang kanyang gawain bilang Mesiya: ang magpakasakit, mamatay at muling mabuhay para sa ating kaligtasan. Taimtim nating sariwain sa alaala ang kanyang pag-aalay ng sarili para sa kapwa at sundan natin siya nang may buhay na pananampalataya. Kaisa niya sa pagdurusa sa krus, tayo nawa ay makahati niya sa kanyang pananaig sa kamatayan at sa kanyang bagong buhay.

P–Manalangin tayo. (*Tumahimik sandali.*) Ama naming makapangyarihan, ang mga palaspas na ito ay iyong pagpalain (✠) at pabanalin upang sa masaya naming pagbubunyi sa Mesiya na aming Hari, siya'y aming masundan at sa pamamagitan niya'y aming sapitin ang hindi magmamaliw na lunsod ng Jerusalem na kanyang pinaghaharian, kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.



[Babasbasan ng pari ang mga palaspas nang walang anumang sinasabi.]

MABUTING BALITA

Mt 21, 1-11

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B – Papuri sa iyo, Panginoon.

Noong malapit na sila sa Jerusalem,
pagdating nila sa Betfage, sa Bundok ng
mga Olibo,
pinauna ni Hesus ang dalawang alagad.
Sinabi niya sa kanila,
“Pumunta kayo sa susunod na nayon.
Makikita ninyo roon ang isang inahing
asno na nakatali,
kasama ang kanyang bisiro.
Kalagin ninyo at dalhin dito.

Kapag may sumita sa inyo,
sabihin ninyong kailangan ng Panginoon,
at hindi na kikibo iyon.”

Nangyari ito upang matupad ang sinabi ng
propeta:

“Sabihin ninyo sa lunsod ng Sion:
Masdan mo, dumarating ang iyong
hari,
siya’y mapagpakumbaba; nakasakay
sa isang asno,
sa isang bisiro, bisiro ng isang asno.”

Lumakad nga ang mga alagad
at ginawa ang iniutos ni Hesus.
Dinala nila ang inahing asno at ang bisiro.
Isinapin nila sa likod ng mga ito ang
kanilang balabal,
at sumakay si Hesus.
Maraming naglatag ng kanilang balabal sa
daan;
ang iba nama’y pumutol ng mga sanga ng
kahoy
at inilatag din sa daan.

Nagsisigawan ang mga taong nauuna
at sumusunod sa kanya:
“Mabuhay ang Anak ni David!
Pagpalain ang dumarating sa ngalan ng
Panginoon!
Purihin ang Diyos!”
Pagpasok ni Hesus sa Jerusalem,
nagulo ang buong lunsod.
“Sino kaya ito?” tanong nila.
“Si Hesus, ang propetang taga-Nazaret,
Galilea,”
sagot ng karamihan.

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B– Pinupuri ka namin, Panginoong
Hesukristo.**

*[Maaaring magbigay ng maikling homiliya. Bago
magsimula ang prusisyon ay sasabihin ng pari:]*

P–Mga minamahal na kapatid, tularan natin ang
mga taong nagbunyi kay Hesus. Halinang mag-
prusisyon sa kanyang karangalan, taglay ang
kapayapaan.

Ikalawang Bahagi: ANG BANAL NA MISA

*N.B. Kapag walang pagbabasbas ng mga palaspas, ang Misa ay magsisimula sa nakagawiang paraan. Ang
Pagsisisi ay kasunod ng Pambungad na Antipona/Awit at ng Pagbati.*

PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting
nakahanda.)*

Anim na araw na lamang
at ang Paskong kapistahan
napipintong ipagdiwang,
si Hesus na Poong Mahal
sa Jerusalem dumalaw.

Sa Jerusalem na lunsod
si Hesukristo’y pumasok,
sinalubong s’yang malugod
ng mga batang naghandog,
“Osana” awiting taos.

PANALANGING PAMBUNGAD

P–Ama naming makapangyarihan,
ginawa mong halimbawang dapat tularan
ang Tagapagligtas naming naging di iba sa amin
para ang krus namin ay akuin.
Pagindapatin mong sa mga pagdiriwang ay aming
kamtin
ang kanyang ulirang pagkamatiisin
at ang pakikisalo sa pagkabuhay niyang
maningning,
sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B – Amen.

UNANG PAGBASA

Is 50, 4-7

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias

Ang Makapangyarihang Panginoon
ang nagturo sa akin ng sasabihin ko,
para tulungan ang mahihina.
Tuwing umaga’y
kanyang binubuksan ang aking pandinig.
Nananabik akong malaman
kung ano ang ituturo niya sa akin.
Binigyan niya ako ng pang-unawa, hindi
ako naghimagsik ni tumalikod sa kanya.
Hindi ako tumutol
nang bugbugin nila ako,
hindi ako kumibo
nang ako’y kanilang insultuhin.
Pinabayaan ko silang bunutin
ang buhok ko’t balbas,
gayon din nang lurhan nila ako sa mukha.
Ang mga pagdustang ginawa nila’y di ko
pinapansin,
pagkat ang Makapangyarihang Panginoon
ang tumutulong sa akin.
Handa akong magtiis
na sampaling parang bato,
pagkat aking batid
na ang sarili ko’y di mapapahiya.

Ito ang Salita ng Diyos.

B– Salamat sa Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Sal 22, 1-3a. 3b-4. 5. 6

**B – D’yos ko! D’yos ko! Bakit naman,
ako’y ’yong pinabayaan.**



- * Bawat taong makakita’y umiiling, nanunukso, palibak na nagtatawa’t sinasabi ang ganito: “Nagtiwala siya sa Diyos, ngunit hindi siya pansin; kung talagang minamahal, bakit hindi intindihin?” **B.**
- * May pangkat ng mga buhong na sa aki’y pumaligid, para akong nasa gitna niyong asong mababangis, mga kamay ko at paa’y butas sa pakong matulis. Ang buto ng katawan ko ay mabibilang sa masid. **B.**
- * Pinaghati-hati nila ang damit ko sa katawan, ang hinubad na tunika’y dinaan sa sapalaran. H’wag mo akong ulilahin, h’wag talikdan, Panginoon; O aking Tagapagligtas, bilisan mo ang pag tulong. **B.**
- * Ang lahat ng ginawa mo’y ihahayag ko sa lahat, sa gitna ng kapulunga’y pupurihin kitang ganap. Purihin ang Panginoon ng lahat ng kanyang lingkod, siya’y inyong dakilain, kayong angkan ni Jacob; ikaw, bayan ng Israel, ay sumamba at maglingkod. **B.**

IKALAWANG PAGBASA

Fil 2, 6-11

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

**Si Kristo Hesus, bagamat siya’y Diyos,
ay hindi nagpilit na manatiling kapantay
ng Diyos,**

bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.

Nang maging tao, siya’y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, siya’y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.

Anupa’t ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod

at sasamba sa kanya.

At ipapahayag ng lahat na si Hesukristo ang Panginoon, sa ikararangal ng Diyos Ama.

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

AWIT-PAMBUNGAD SA MABUTING BALITA

Fil 2, 8-9

**B – Luwalhati at papuri sa iyo,
Panginoong Hesukristo!
Masunuring Kristo Hesus,
naghain ng buhay sa krus,
kaya’t dinakila ng D’yos;
binigyan ng ngalang tampok
sa langit at sansinukob.
Luwalhati at papuri sa iyo,
Panginoong Hesukristo!**

MABUTING BALITA

Mt 27, 11-54

NB: Ang salaysay ng Pagpapakasakit o Pasyon ay maaaring basahin ayon sa mga tauhan. Ang maiikling paningit ng mga Tagapagsalaysay ay maaari nang alisin.

Mga Tauhan:

H–Hesus; **T¹/T²**–Una/Ikalawang Tagapagsalaysay; **P**–Pilato; **B**–Bayan at iba pa; **K**–Kapitan.

P –Ang Pagpapakasakit ng ating Panginoong Hesukristo ayon kay San Mateo

T¹ –Noong panahong iyon, iniharap si Hesus kay Gobernador Poncio Pilato.

P –“Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?”

T² –[tanong sa kanya ni Pilato. Sumagot si Hesus,]

H –“Kayo na ang nagsasabi.”

T¹ –Ngunit nang paratangan siya ng mga punong saserdote at ng matatanda ng bayan, hindi na siya sumagot. Kaya’t sinabi sa kanya ni Pilato,

P –“Hindi mo ba naririnig ang mga ipinararatang nila sa iyo?”

T² –Ngunit hindi sumagot si Hesus gaputok man, kaya’t nagtaka ang gobernador.

T¹ –Tuwing Pista ng Paskuwa, kinaugalian na ng gobernador ang magpalaya ng isang bilango—sinumang mahiling ng taong-bayan. Noon ay may isang kilalang bilango na nanggangalang Barabbas. Kaya’t nang magkatipon ang mga tao, tinanong sila ni Pilato:

P –“Sino ang ibig ninyong palayain ko, si Barabbas o si Hesus na tinatawag na Kristo?”

T² –Alam ni Pilato na inggit ang nag-udyok sa kanila na dalhin sa kanya si Hesus. Hindi lamang iyan. Samantalang siya’y nakaluklok sa hukuman, nagpasabi sa kanya ang kanyang asawa:

B –“Huwag kang makialam sa taong iyan na walang kasalanan sapagkat kagabi’y pinahirapan ako ng aking panaginip tungkol sa kanya.”

T¹ –Ang mga tao nama’y sinulsulan ng mga punong saserdote at ng matatanda ng bayan na hilingin kay Pilato na si Barabbas ang palayain, at si Hesus ay ipapatay. Muli silang tinanong ng gobernador:

P –“Sino sa dalawa ang ibig ninyong palayain ko?”

B –“Si Barabbas po!”

T¹ –[sagot nila. Sinabi sa kanila ni Pilato,]

P –“Kung gayon, ano ang gagawin ko kay Hesus na tinatawag na Kristo?”

T² –[Sumagot ang lahat,]

B –“Ipako sa krus!”

P –“Bakit, anong masama ang ginawa niya?”

T¹ –[tanong ni Pilato.] Ngunit lalo pa nilang isinigaw,

B –“Ipako sa krus!”

T² –Nang makita ni Pilato na wala siyang magagawa, at malamang pang magkagulo ang mga tao, nagpakuha siya ng tubig at naghugas ng kamay sa harapan ng mga tao.

P –“Wala akong pananagutan sa kamatayan ng taong ito. Bahala kayo!”

T² –[sabi ni Pilato. Sumagot ang mga tao,]

B –“Pinananagutan namin at ng aming mga anak ang pagkamatay niya!”

T² –At pinalaya niya si Barabbas, ngunit ipinahagupit si Hesus at ibinigay sa kanila upang ipako sa krus.

T¹ –Si Hesus ay dinala ng mga kawal ng gobernador sa pretoryo, at nagkatipon ang buong batalyon sa paligid niya. Hinubaran nila siya at sinuutan ng isang balabal na pulang-pula. Naglikaw sila ng halamang matinik at ipinutong sa kanya, saka pinapaghawak ng isang tambo sa kanyang kanang kamay. At palibak siyang niluhud-luhuran at binati:

B –“Mabuhay ang Hari ng mga Judio!”

T² –Siya’y pinaglulurhan; kinuha nila ang tambo at siya’y pinaghahampas sa ulo. At matapos kutyain, kanilang inalisan siya ng balabal, sinuutan ng sariling damit, at inilabas upang ipako sa krus.

T¹ –Paglabas nila ng lunsod, kanilang nakita ang isang lalaking nanggangalang Simon, isang taga-Cirene. Pilit nilang ipinapasan sa kanya ang krus ni Hesus. Pagdating sa lugar na tinatawag na Golgota na nangangahulugang Pook ng Bungo, binigyan nila si Hesus ng alak na hinaluan ng apdo. Ngunit nang matikman niya ay hindi ininom.

Nang maipako na siya sa krus, pinaghatihan nila ang kanyang mga damit matapos magsapalaran. At naupo sila upang siya’y bantayan. Nakasulat sa kanyang ulunan ang sakdal laban sa kanya: “Ito’y si Hesus, ang Hari ng mga Judio.” Dalawang tulisan ang kasabay niyang ipinako sa krus—isa sa kanan at isa sa kaliwa.

Nilibak si Hesus ng mga nagdaraan, at tatangu-tango pang sinabi:

B –“Di ba ikaw ang gigiba ng templo at muling magtatayo nito sa loob ng tatlong araw? Iligtas mo ngayon ang iyong sarili! Kung ikaw nga ang Anak ng Diyos, bumaba ka sa krus!”

T² –Kinutya rin siya ng mga punong saserdote, ng mga eskriba at ng matatanda ng bayan. Sabi nila,

B –“Iniligtas ang iba ngunit ang sarili’y di mailigtas! Di ba siya ang Hari ng Israel? Bumaba lang siya ngayon sa krus, maniniwala kami sa kanya! Nananalig siya sa Diyos, at sinasabi niyang siya ang Anak ng Diyos. Iligtas siya ng Diyos kung talagang iniibig siya!”

T² –At inalipusta rin siya ng mga tulisang ipinakong kasabay niya.

Mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng hapon ay nagdilim sa buong lupain. Nang mag-iikatlo ng hapon, sumigaw si Hesus:

H –“*Eli, Eli, lama sabachthani?*”

T² –ibig sabihi’y “Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?”

Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon, at sinabi nila:

B –“Tinatawag niya si Elias!”

T¹ –Agad tumakbo ang isa sa kanila at kumuha ng espongha, tinigmak ng maasim na alak, inilagay sa dulo ng isang tambo at ipinasipsip kay Hesus. Ngunit sinabi naman ng iba:

B –“Hintay muna, tingnan natin kung darating si Elias upang iligtas siya!”

T¹ –Muling sumigaw si Hesus at nalagutan ng hininga.

(Luluhod ang lahat at sandaling mananalangin.)

T² –Biglang napunit sa gitna ang tabing ng templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba. Nayanig ang lupa, nagbitak ang mga bato, nabuksan ang mga libingan, at nabuhay ang maraming banal na namatay na. Lumabas sila ng libingan, at nang muling mabuhay si Hesus, sila’y pumasok sa Banal na Lunsod at nakita roon ng marami.

T² –Nasindak ang kapitan at ang mga kawal na nagbabantay kay Hesus nang maramdaman nila ang lindol at masaksihan ang lahat ng nangyari.

K –“Tunay na ito’y Anak ng Diyos!”

T² –[sabi nila.]

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

HOMILIYA SUMASAMPALATAYA

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,

ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

PANALANGIN NG BAYAN

P–Buong pagtitiwala sa mahabaging Panginoon na batid ang ating kahinaan at kahirapan, idulog natin ang ating mga kahilingan. Manalangin tayo:

B– Mahabaging Ama, dinggin Mo kami.

* Nawa patuloy na magabayan tayo ng Santo Papa, ng ating mga obispo, at ng ating mga pari tungo sa katapatan kay Hesus sa pamamagitan ng kabanalan ng kanilang buhay. Manalangin tayo. **B.**

* Nawa ang paghatol ng mga hukom sa ating bayan ay maging makatarungan, walang pagkiling, at malayo sa anumang katiwalian. Manalangin tayo. **B.**

* Nawa ang mga biktimgang pinagkaitan ng katarungan ay magpatuloy sa paghahanap nito nang may tibay ng loob at makamtan ang nararapat sa kanila. Manalangin tayo. **B.**

* Nawa maging bukas lagi ang puso ng lahat ng mananampalataya sa pagtanggap kay Hesus. Manalangin tayo. **B.**

P–Panginoon, gabay at ilaw, turuan Mo kaming mamuhay sa landas ni Hesus. Sa Kanyang pagpapakasakit, makibahagi nawa kami at sa Kanyang Muling Pagkabuhay, magsaya kami magpakailanman.

B –Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

P – Ama naming Lumikha, pakundangan sa pagpapakasakit ng iyong Bugtong na Anak, sumaamin nawa ang iyong pagpapaunlak na di makakamit ng tanang aming pagganap kundi ng paghahaing minsan lamang para sa lahat na mula sa iyo’y pinakikinabangan namin at tinatanggap, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen.

PREPASYO

P – Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin.

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B– Itinaas na namin sa Panginoon.

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B– Marapat na siya ay pasalamat.

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon. Wala siyang kasalanan ngunit inaring salarin sa

pagmamalasakit niyang kami'y palayain
sa kamatayang kinasuungan namin
kaya't namatay siya upang kami'y buhayin.
Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng
papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B – Santo, santo, santo . . .

PAGBUBUNYI

**B – Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain
bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin
hanggang sa siya'y dumating.**

PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .
P – Hinihiling namin . . .
B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang
kapangyarihan at ang kapurihan
magpakailanman. Amen.**

PAANYAYA SA KAPAYAPAN

PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.
(2x)
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa
amin ang kapayapaan.**

PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng
mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga
inaanyayahan sa kanyang piging.
B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na
magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo
lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahayag lamang kung walang awiting
nakahanda.)*

**“Ama ko sa kalangitan,
kung di mo mapapayagang
kalis ay di ko inuman,
sundin ang 'yong kaloobang
ako'y maghain ng buhay.”** *(Mt 26, 42)*

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P – Ama naming mapagmahal,
ngayong kami'y pinapagsalo mo
sa banal na pakikinabang,
kami'y iyong pinalingong
may pag-asa sa aming sinasampalatayanan
pakundangan sa pagkamatay ng iyong Anak.
Gawin mong kami'y makarating
sa aming paroroonan
pakundangan sa kanyang muling pagkabuhay
bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
B – Amen.**

PAGWAWAKAS

**P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin.**
**P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos:
Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B – Amen.**
**P – Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo
B – Salamat sa Diyos.**

*Whether you're 5 or 105,
you've got a prayer companion.*

My Pocket Prayer Book

*Includes everyday prayers,
devotions, the Holy Rosary,
and a confession guide in one
handy, affordable booklet.*

*Available at **Word & Life Center**
and religious bookstores.*

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details below. Thank You!



**WORD AND LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • **Website:** www.wordandlife.org
• **E-mail:** wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word And Life Publications
• **Editorial Team:** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Circulation:** R. Saldua